


# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1: Panitikang Asyano – Maikling Kuwento ng Singapore



**Filipino – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 1: Panitikang Asyano: Maikling Kuwento ng  
Singapore**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nelia S. Lim

**Editor:** Susan S. Bellido, Lilibeth D. Meliton

**Tagasuri:** Anita D. Subebe, Maria Laarni M. Recentes, Mary Antoniette E. Wahing, Marilisa E. Malagueño, Era T. Partosa, Fatima B. Labucay, at Emma P. Tormis

**Tagaguhit:** Jennifer S. Ontolan, Princess Nikki P. Tormis, Fenderockz G. Suganob

**Tagalapat:** Marvin D. Barrientos

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Ma. Liza R. Tabilon

Lilia E. Abello

Evelyn C. Labad

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Filipino**

**Unang Markahan – Modyul 1:  
Panitikang Asyano-  
Maikling Kuwento ng Singapore**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sapag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



*Kumusta kaibigan? Binabati kita dahil natapos mo ang iyong paggalugad sa mga panitikan ng Pilipinas. Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na gagabay sa iyong paglalakbay patungo sa bagong kaalaman.*

*Nakahanda ka na bang maglakbay at malaman ang mga akdang pampanitikan ng Asya? Dito natin sisimulan ang bagong yugto ng iyong pag-aaral. Tara na! Biyahe tayo!*

*Ang una nating lalakbayin ay ang Timog Silangang -Asya. Alam mo ba na ito ay isa sa mga rehiyon ng kontinenteng Asya? Binubuo ito ng mga bansang Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Myanmar, Singapore, Thailand, Timor Leste, Vietnam, at ang ating bansang Pilipinas.*


*Para mas kapana-panabik ang ating paglalakbay babasahin natin ang ilang akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya katulad ng tula, sanaysay, maikling kuwento, at dula.*

*Bibigyang tuon natin ang maikling kuwento mula sa Singapore.*

Simulan natin ang ating aralin gamit ang inyong matang mapanuri! Inaasahan na pagkatapos ng ating paglalakbay ay matutuhan mo ang mga sumusunod:

1. Nakabubuo ng sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda **(F9PB-Ia-b-39)**
2. Nabibigyang kahulugan ang malalim na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan **(F9PT-Ia-b-39)**
3. Naihahambing ang ilang piling pangyayari sa napanood sa telenobela sa ilang piling kaganapan sa lipunang Asyano sa kasalukuyan **(F9PD-Ia-b-39)**
4. Nasusuri ang maikling kuwento batay sa: -paksa – mga tauhan – pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari – estilo ng awtor, at iba pa **(F9PS-Ia-b-41)**
5. Nasusuri ang mga pangyayari, at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan sa lipunang Asyano batay sa napakinggang akda **(F9PN-Ia-b-39)**
6. Napagsunod-sunod ang mga pangyayari gamit ang angkop na mga pangugnay **(F9WG-Ia-b-41)**


7. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa akda (**F9PU-Ia-b-41**)



## Subukin

Subukin muna natin ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong.

A. Ano ang masasabi mo sa ama na nasa larawan? Isulat ang sagot sa kahon.



Guhit ni Fenderocks G. Suganob

### Alamin na...

Isa sa mga bansang sakop ng Timog-Silangang Asya ang Singapore. Nakarating ka na ba sa bansang Singapore? Mayroon ka bang kamag-anak na nagtatrabaho roon?

Kilala ang bansang ito sa kanilang Merlion, isang pigura na may kalahating leon at kalahating isda. Matagal na nakatira sa bansang Singapore si Mauro R. Avena bilang isang OFW o *Overseas Filipino Worker*. Siya ang may-akda ng kuwentong pag-aaralan natin sa modyul na ito.



May hinuha ka na ba tungkol sa ating babasahing kuwento? Handa ka na bang alamin ang nilalaman nito? Magsimula na tayo.

## Aralin

# 1

## Maikling Kuwento: Ang Ama

Magsimula na tayong maglakbay sa Timog-Silangang Asya at sabay nating pag-aralan ang ilan sa kanilang panitikan na may malaking impluwensya rin sa uri ng panitikan na mayroon tayo ngayon.

Susuriin natin ang mga pangyayari sa kuwentong ating babasahin kung ito ba ay may pagkakatulad sa mga pangyayari sa ating bansa.



### **Balikan**

Alam kong marami ka nang nabasang maikling kuwento kabilang ang mga akdang pampanitikan ng Pilipinas. Alin sa mga akdang ito ang iyong naaalala at saan ito nagmula?

Sa kasunod na talahanayan, iguhit mo ang bituin ★ sa bahaging SIMBOLO kung ito ay nabasa mo na at ibigay ang mga pangunahing tauhan sa hanay ng PANGUNAHING TAUHAN, at emoji 😊 naman kung hindi mo pa nabasa.

Simbolo	PAMAGAT	Pangunahing tauhan
	1. Kuwento ni Mabuti	
	2. Ang Kalupi	
	3. Si Usman Ang Alipin	
	4. Kampanerang Kuba	
	5. Alunsina	



### ***Mga Tala para sa Guro***

Ang modyul na ito ay naglalaman ng iba't ibang gawain mula sa mga piling maikling kuwento ng Singapore. Magagawang suriin ng mga mag-aaral ang mga mensaheng nakapaloob sa akda sa tulong ng mga napapanahon at naaangkop na mga gawain. Dinisenyo ang modyul na ito para sa maayos at mabisang pagkamit ng mga layunin na inaasahang makakamtan ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng unang markahan sa ikasiyam na baitang.



## ***Tuklasin***

Mula sa inyong aklat na **PANITIKANG ASYANO Modyul ng Mag-aaral sa FILIPINO 9** basahin ang kuwentong pinamagatang “**Ang Ama**”. Ang kuwentong ito ay mula sa bansang Singapore na mababasa sa **pahina 17-20**. Salin ito sa Filipino ni Mauro R. Avena. Pagkatapos mabasa sagutin ang sumusunod na mga gawain.

### **Gawain 1: Paglinang ng Talasalitaan**



*Upang lubos mong maunawaan ang kuwento kailangang bigyan mo muna ng **konotatibo** o nakatagong kahulugan at **denotatibo** o literal na kahulugan ang mga sinalungguhitang mga pahayag ayon sa pahiwatig nito sa pangungusap. Isulat ang sagot sa talahanayan na nasa ibaba.*

*Maaari kang magpatulong sa iyong mga kapatid o magulang. Handa ka na ba?*

1. Ang takot ay sa **alaala ng isang lasing na suntok sa bibig** na nagpapatulo ng dugo at nagpapamaga ng ilang araw sa labi.



2. Natatandaan ng mga bata ang isa o dalawang okasyon na sinorpresa sila ng ama ng **kaluwagang-palad** nito.
3. Ang mga bata'y magsisiksikan, takot na anumang ingay na gawa nila ay makainis sa ama at **umakit sa malaking kamay** nito upang pasuntok na dumapo sa kanilang mukha.
4. Alam nila na ang halinghing niyon ay parang kudkuran na **nagpapangilo sa nerbiyos** ng ama.
5. Ang balita tungkol sa malungkot niyang kinahinatnan ay madaling nakarating sa kanyang amo, isang **matigas ang loob** pero mabait na tao.




<b>Pahayag</b>	<b>Konotatibong Kahulugan</b>	<b>Denotatibong kahulugan</b>
1. <b>alaala ng isang lasing na suntok sa bibig</b>		
2. <b>kaluwagang-palad</b>		
3. <b>umakit sa malaking kamay</b>		
4. <b>nagpapangilo sa nerbiyos</b>		
5. <b>matigas ang loob</b>		



Binabati kita sa iyong pagsisikap na mabigyang-kahulugan ang mga parirala sa itaas. Ngayon basahin at alamin natin kung bakit madalas maglasing ang ama at ano ang ginagawa niya sa kanyang pamilya. Sino ang batang hikain na pumanaw sa kuwento?

**Gawain 2. Arrow-Fact Analyzer**

Gamit ang mga kahon sa ibaba, punan mo ito ng mga pangyayari mula sa binasang kuwento ayon sa pagkakasunod-sunod. Sundan lamang ang direksyon ng *arrow* sa bawat kahon. Tukuyin din ang tagpuan, tauhan, at halagang pangkatauhan.



Halagang Pangkatauhan

### Gawain 3. Pag-usapan Natin

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Paano sinimulan ng may-akda ang kuwento?
3. Ano-anong katangian ng ama ang nangingibabaw sa kuwento? Aling bahagi o pangyayari sa kuwento ang nagpapakita ng mga nabanggit na katangian? Isulat ang sagot sa talahanayan sa ibaba.

Katangian ng Ama	Bahagi/Pangyayaring nagpapatunay

4. Makatarungan ba ang ginawa ng ama sa kanyang asawa't mga anak? Pangatwiranan.
5. Anong paraan ng pamumuhay ng mga taga-Singapore ang masasalamín sa kuwentong ito?



## ***Surin***

### **A. Panitikan**

Ang **maikling kuwento** ay isang akdang pampanitikan na nag-iiwan ng isang kakintalan. Kadalasan nang natatapos itong mabasa sa isang upuan lamang. Karaniwang nakabatay ang mga paksa sa mga tunay-na-buhay na pangyayari anupa't ang mga mambabasa ay madaling makaugnay sa salaysay nito. Kaya naman masasabing ito ay isang payak ngunit masining na salamin ng buhay ng isang tao.

Ang "**Ang Ama**" ay isang uri ng kuwentong makabanghay na nakatuon sa pagkakabuo ng mga pangyayari. Mahalagang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng

mga pangyayari at ang estilo na ginamit ng may-akda. (**PANITIKANG ASYANO Modyul ng Mag-aaral sa FILIPINO 9 pahina 20**)

Ayon kay Alcomtiser Tumangan, mayroon ding kuwento ng tauhan. Halimbawa rito ang mga kuwentong “**Kuwento ni Mabuti**”, at “**Impong Sela**”. Nabasa mo na ba ang mga kuwentong ito? Nakapokus ang nilalaman ng mga kuwentong ito sa pagkatao ng pangunahing tauhan.

Isa pang halimbawa ng uri ng kuwento ay kuwento ng katutubong kulay gaya ng “**Kasalan sa Nayon**”, at “**Suyuan sa Tubigan**”. Nilalaman ng mga kuwentong ito ang mga kultura at kaugalian sa ating bansa.

## **B. Gramatika**

Ang mga **pang-ugnay** ay binubuo ng **pang-angkop**, **pangatnig**, at **pang-ukol**. Ang ating pagtutuunan ng pansin sa araling ito ay ang mga **pangatnig**.

Ang mga **pangatnig** ay ginagamit sa pag-uugnay ng mga pangungusap, parirala at sugnay. Sa pamamagitan nito, napagsusunod-sunod natin nang tama ang mga pangyayari sa isang kuwento. Ilan sa mga pangatnig ay ginagamit din bilang **transitional devices**.

Kasunod ay ang ilang halimbawa ng mga pangatnig na karaniwang ginagamit sa Filipino.

### ***Mga Pangatnig***

1. **subalit** – ginagamit lamang kung ang ‘datapwa’t’ at ‘ngunit’ ay ginamit na sa unahan ng pangungusap

*Mga Halimbawa:*

Mahal ko siya **ngunit** mahal niya ay iba. Minahal mo siya **subalit** hindi niya ito sinusuklian. **Datapwa’t** madalas siyang sinasaktan, patuloy pa rin siyang nagmamahal.

2. **samantala, saka** – ginagamit na pantuwang

*Mga Halimbawa:*

- a. Siya ay maganda na **saka** mabait pa.
- b. Nakasagot na kami sa modyul **samantalang** ikaw ay hindi pa.

3. **kaya, dahil sa** – ginagamit na pananhi

- Mga Halimbawa:*
- Nagsusumikap sa buhay **kaya** siya ay umasenso.
  - Natigil ang pagpasok sa paaralan **dahil sa** pandemya.

**Transitional Devices**

1. **sa wakas, sa lahat ng ito, pagkatapos** – panapos

- Mga Halimbawa:*
- Sa wakas** unti-unti na ring nagbalik sa normal ang pamumuhay.
  - Sa lahat ng ito** napagtanto ko na mahalaga ang magpabakuna.

2. **kung gayon** – panlinaw

- Mga Halimbawa:*
- Malinaw ang paalaala ng IATF, **kung gayon** kailangang sundin ang *minimum health protocols*.

Upang higit mong makabisado ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, isang kuwento naman mula sa Pilipinas ang babasahin mo na pinamagatang “**Anim na Sabado ng Beyblade**” na sinulat ni Ferdinand P. Jarin. Mababasa ito sa **PANITIKANG ASYANO Modyul ng Mag-aaral sa FILIPINO 9, pahina 22-24.**





Alam mo ba kung ano ang beyblade? Ano ang tawag nito sa inyo? Tinatawag itong trumpo ng iba. Paano ba nilalaro ang trumpo? Ano ang gamit ng pisi?

Ngayon ay handa ka na para basahin ang kuwento. Alamin mo kung ano ang kaugnayan ng beyblade sa buhay ng tauhan.

#### Gawain 4: Timeline

Gamit ang grapikong presentasyon na Timeline, ilahad ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Kopyahin ito at sagutin sa sagutang papel.



#### **Pagyamanin**

#### Gawain 5. Ugnayang Telenobela

Isa sa mga pangunahing suliraning panlipunan sa ating bansa o maging sa buong mundo ang pang-aabuso sa mga kababaihan at kabataan sa mga tahanan. Ito ang tinatawag na *domestic violence*. Dahil nasa pandemya tayo sa kasalukuyan at maraming mga Pilipino ang nanatili lang sa bahay dahil karamihan ay nawalan ng trabaho mas dumami ang kaso ng *domestic violence* sa ating bansa.

Hindi lang pisikal na pang-aabuso ang nararanasan ng ilan kundi pati na rin berbal na pang-aabuso mula sa mga taong dapat ay siyang mangangalaga sa kanila. Napapanood natin ito sa mga balita at maging sa mga telenobela.


Sa susunod na gawain, kailangan mong magbigay ng isang telenobela o kaya ay totoong napabalita sa radio at telebisyon na may pang-aabuso sa mga kabataan o kababaihan man.




*May naisip ka na ba? Kung gayon, ikaw ay handa na para sa susunod na gawain.*

Mula sa kuwentong “**Ang Ama**”, ihambing ang mga pang-aabusong nararanasan din ng isang tauhan sa **napili mong telenobela**. Sa unang bilog ang kuwentong “Ang Ama” at sa ikalawang bilog ang iyong napanood sa telebisyon. Isulat sa patlang sa ibabaw ng bawat bilog ang tauhan na nakaranas ng pang-aabuso. Halimbawa sa kuwentong “Ang Ama” ay si Mui Mui.

Mui Mui



Binabati kita sa iyong pagsisikap na makasunod sa mga panuto sa bawat gawain. Ngayon ito na ang iyong pagkakataon upang mapatunayan mo ang iyong galing sa pamamagitan ng kasunod na gawain batay sa inyong natutuhan.



## Isaisip

Mahusay! Kinaya mo ang lahat ng mga gawain.

Batid kong napayabong mo na ang iyong kaalaman tungkol sa maikling kuwento, denotasyon at konotasyon, at pangatnig. Narito ang iba pang gawain.

### Gawain 6

A. Punan ng wastong impormasyon ang sumusunod na talahanayan.

ANO ANG IYONG NATUTUHAN MULA SA PAGSAGOT SA MGA GAWAIN?	GAANO ITO KAHALAGA?
1.	
2.	

B. Piliin at salungguhitan sa loob ng panaklong ang angkop na *transitional devices* upang mabuo ang pahayag.

1. Lubusang naapektuhan ang mga Pilipino sa pandemic dala ng *corona virus* (**kaya, sa lahat ng ito**) marami ang matiyagang nanawagan at nagdasal na sana pairalin ang disiplina at manatiling malakas ang katawan habang lumaganap ang naturang sakit.
2. Marami ang natuwa (**sa wakas, saka**) dahil marami ang sumusunod sa patakarang *stay at home* at *social distancing*.
3. (**Gayunpaman, Bagaman**) malaki ang sama ng loob ng mga *OFW* sa kinauukulan dahil umano sa kakulangan nito ng pagkilos upang makauwi na sa kani-kanilang pamilya.
4. (**Kung gayon, Samantala**) marami ang nayamot na mga netizens sa mga pasaway dahil umano sa hindi ito marunong magtiis habang umiiral ang *Enhanced Community Quarantine* o *ECQ*.



5. (**Dahil dito, Datapwat**) hindi nagpaapekto ang marami sa hinaharap na pandemic bagkus naging matatag pa ang pananalig sa Diyos na masugpo na ang kinakaharap na suliranin ng buong mundo.



## *Isagawa*

### **Gawain7: Buhay Mo, Kuwento Mo**

**Panuto:** Dugtungan ang mga salita sa loob ng kahon upang makabuo ng isang kuwento ng sariling karanasan. Gamitin ang mga wastong pangatnig bilang pang-ugnay.

Isang araw _____,
subalit _____. Dahil sa _____,
kaya _____.
Sa wakas _____
_____.

Ang iyong sagot ay tatayahin sa sumusunod na krayterya o rubrik.

1. Nilalaman	10 puntos
2. Kaayusan	10 puntos
Kabuoan	20 puntos



## **Tayahin**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Isang basurero ang nakadampot ng mga alahas na nagkahalaga ng Php50, 000.00 na aksidenteng natapon ng may-ari. Bagamat labis siyang nangangailangan ng pera **dahil sa** anak na may sakit, isinauli pa rin ito ni Mang Paulito sa may-ari.

1. Kung ikaw ang nasa katayuan ng basurero, \_\_\_\_\_.
  - A. Itago mo ito sapagkat napulot mo ito at hindi ninakaw.
  - B. Isipin mong sagot ito ng langit sa iyong mga dasal.
  - C. Ibalik mo ang mga alahas sa may-ari.
  - D. Gamitin mo muna panggamot sa iyong anak, saka mo na lamang isauli.
  
2. Ang ginawa ni Mang Paulito ay nagpapakita ng \_\_\_\_.
  - A. katapangan
  - B. katapatan
  - C. kabaitan
  - D. katalinuhan
  
3. Ang dahil sa huling pangungusap ay ginagamit na \_\_\_\_\_.
  - A. pantuwang
  - B. panlinaw
  - C. panapos
  - D. pananhi

Bata pa lamang si Maribel naniniwala na siyang siya ay isinilang sa ilalim ng isang sumpa. Naging malaking balakid sa kanyang buhay ang taglay na kapangitan at nagkaroon ng mapait na karanasan dahil sa pambubully ng kanyang mga kaklase. Upang makaiwas sa mapait na karanasan, nilubos niya ang pag-iibang anyo sa tulong ng *make-up* at iba pang pampaganda. Nang lumipat siya sa Pangarap High School, doon niya naramdaman ang pangtanggap. Hinahangaan siya't tinitingala ng lahat dahil sa taglay niyang kagandahan.

4. Anong isyung panlipunan ang inilalahad sa teksto?
  - A. Maagang pag-aasawa
  - B. Karapatang-pantao
  - C. Pambubully
  - D. Sexual Harassment
  
5. Ano ang nais iparating ng manunulat ng ikrip sa mga manunuod?
  - A. May malaking epekto sa buhay ng tao ang pisikal na anyo.
  - B. Lahat ay makakaranas ng mapait na karanasan.
  - C. Ang kapangitan ng tao ay dahil sa sumpa.
  - D. Mahalaga ang *make-up* sa buhay ng tao.
  
6. Ang konotatibong kahulugan ng **balakid sa kanyang buhay** ay \_\_\_\_\_.
  - A. pangarap sa buhay
  - B. sagabal sa buhay
  - C. kahirapan sa buhay
  - D. kasiyahan sa buhay

Araw-araw ay makikitang pumupunta si Lito sa sementeryo. Panay ang dalaw niya sa puntod ng kanyang yumaong mahal sa buhay. Nakikita rin siyang umiiyak habang sambit ang mga linyang ito, “Bakit mo ako iniwan? Bakit mo ako hinayaang magdusa? Kung hindi ka sana namatay, hindi ko mapapangasawa si Minda na naging asawa mo! Hindi sana ako nagdusa!”.

7. Kaninong puntod kaya ang palaging dinadalaw ni Lito sa sementeryo?

- A. sa anak niya
- B. sa dating asawa niya
- C. sa mga magulang niya
- D. sa dating asawa ng napapangasawa niya

8. Ano ang damdamin ng teksto?

- A. pagmamahal
- B. hinanakit
- C. pagkabahala
- D. panghihinayang

Ayusin ang pagkakasunod-sunod na mga pangyayari

1. Madalas na masapok ang mukha ng kanilang ina.
2. Ang halinghing ni Mui Mui ay parang kudkuran na nagpapangilo sa nerbiyos ng ama.
3. Ang pananabik ay sa pagkain na paminsan-minsa’y inuuwi ng ama.
4. Lumuhod at dinukot ang mga laman ng supot na dahan-dahang inilapag sa puntod.
5. Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kaniyang mga luha at saka tumayo.

9. Ang ayos ng mga pangyayari ay magiging \_\_\_\_\_.

- A. 1-2-3-4-5
- B. 5-4-3-2-1
- C. 2-3-1-5-4
- D. 2-3-4-5-1

1. Kinabukasan ay ipapasa na ng kanyang ama ang mga nasagutang modyul sa paaralan.
2. Inihanda ni Lyn ang kanyang modyul upang sagutan.
3. Tinutulungan din siya ng kanyang ina.
4. Madalas siyang humingi ng tulong sa kanyang kuya.
5. Masaya niyang tinapos ang bawat gawain sa modyul.

10. Ang unang pangyayari ay ang bilang \_\_\_\_\_.

- A. 2
- B. 1
- C. 5
- D. 4

11. Ang panggitnang pangungusap ay ang bilang \_\_\_\_\_.

- A. 3
- B. 5
- C. 1
- D. 4


12. Ang panghuling pangyayari ay ang bilang \_\_\_\_\_.

- A. 2
- B. 3
- C. 4
- D. 1

**Para sa aytem 13-15 ibigay ang angkop na pang-ugnay sa bawat bilang.**

Nagulat ang mundo sa hindi inaasahang pandemya dala ng COVID 19. Marami ang nahirapan \_\_\_\_ **(13)** \_\_\_\_ biglaang pagbabago sa paraan ng pamumuhay. \_\_\_\_ **(14)** \_\_\_\_ hindi nagpatalo ang mga Pinoy. Natutong lumaban sa hamon ng buhay. Naglabasan ang mga negosyong online gaya ng *food delivery* samantalang ang iba ay nahilig sa Tiktok at iba pa. \_\_\_\_ **(15)** \_\_\_\_ masasalamín pa rin ang kultura ng pagiging masayahin ng Pinoy kahit nasa gitna pa ng kahirapan.

13. A. kung gayon  
B. dahil sa  
C. kaya  
D. subalit
14. A. Sa wakas  
B. Subalit  
C. Kung gayon  
D. Samantala
15. A. At sa lahat ng ito  
B. Samantala  
C. Sa wakas  
D. Pagkatapos



## Karagdagang Gawain

### Gawain 8. Pagbibigay ng Sariling Paghatol o Pagmamatuwid

**Panuto:** Magbigay ng sariling paghatol tungkol sa larawan gamit ang mga pang-ugnay.

Si Ben ay kinausap ng kanyang ama na tumigil muna sa pag-aaral upang tumulong sa kanyang paghahanapbuhay. Tama ba ang desisyon ng ama? Isulat sa kahon ang inyong sagot.



Ang iyong mabubuong hatol ay tatayahin sa pamamagitan ng kasunod na rubrik.

PAMANTAYAN	PUNTOS
Hikayat	10
Pagkamakatotohanan	10
Paggamit ng angkop na mga pang-ugnay	10
Kabuoan	30



Binabati kita sa matiyaga mong pagsama sa pagtatalakay sa Aralin 1. Alam kong nakapapagod maglakbay, ngunit sulit naman dahil matagumpay mong natutuhan ang mahahalagang konseptong nakapaloob sa aralin.

Ngayon ay handa ka na sa paglalakbay sa mundo ng nobela.



# Susi sa Pagwawasto

<b>SUBUKIN</b> Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang iskor batay sa pag-ebalweyt ng guro	<b>BALIKAN</b> Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang sagot at pag-iiskor ng guro.	<b>TUKLASIN</b> (Ang mga sumusunod na sagot ay pwedeng mag-iba batay sa kalaman ng mag-aaral/guro) Gawai 1 - konotadibong kahulugan 1. nananakit/nanununtok 2. mapagbigay 3. tumukso sa kamay na maging malupit 4. nagpagalit/nagpayamot 5. walang-awa Denotadibong kahulugan 1. namamaga/may sugat 2. malaking kamay 3. nag-akit/nag-udyok 4. nagpa-mis 5. hindi tinatabiang puso
---	--	---

**SURIN 4 (Timeline)**

**S1**-Naghanda si Rebo sa kanyang kaarawan kahit hindi pa araw may natanggap siyang beyblade; **S2** Naki bertay si Rebo at naglaro ng beyblade; **S3**-Nakalbo si Rebo; **S4**-Napawi ang lakas ni Rebo; **S5** – Pumanaw si Rebo; **S6**-wala na ang beyblade at ang may-ari nito (Paghimlay ni Rebo)

**PAGYAMANIN**  
 Gawin 5 - *Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang iskor*

**ISAISIP**  
 Gawing 6

**A**  
**NAKADepENDE SA SAgOT NG MGA MAG-AARAL ANG PAGBIgAY NG ISKOR**

**B**  
 1. kaya  
 2. Sa wakas  
 3. Gayunpaman  
 4. Samantala  
 5. Datapwat

<b>KARAGDAGANG GAWAIN</b> <b>Gawain 1</b> Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang iskor	<b>TAYAHIN</b> 1. C 6. B 11.A 2. B 7. D 12. D 3. D 8. D 13. B 4. C 9. C 14. B 5. A 10. A 15. A	<b>ISAGAWA</b> Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang iskor
---	---	---



## ***Sanggunian:***

### ***MELCS 2020-2021- pahina 35-36***

Peralta, R.N. et al. (2014), *Panitikang Asyano 9*, Meralco Avenue, Pasig City.  
Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat  
(DepEd-IMCS).

Tumangan, Alcomtiser Sr. P. et.al. (1986), *Sining ng Pakikipagtalastasan*,  
Metro Manila. National Book Store, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985